




Vol. XVII No. 31 May 4-10, 2026 P10.00



Ugnayan sa Barangay in Alfonso, Cavite P.2

NITA: BAIL HEARING SA REVILLA CASE "WALANG MATIBAY NA EBIDENSIYA"

Story on p.2 REVILLA



Fire Victim Assistance | Brgy. Molino 4, Bacoor City, Cavite

Ang inyong lingkod Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola, katuwang si Mayor Strike Revilla, ay naghatid ng tulong at food packs para sa 31 pamilyang nasunugan sa Taging Ilog, Brgy. Molino 4. Sa pakikipagtulungan ng CSWD, ng Bacooreño United Volunteers, Inc., at sa tulong ni Kap. Jeff Campaña at ng mga konsehal ng barangay Molino 4, agad tayong nakaalalay sa ating mga kababayang naapektuhan.



59 Young Boys Benefit from Free Operation Tuli in Trece Martires City P.3



OPLAN TULI 2026 SA TAGAYTAY CITY, CAVITE



Sa pangunguna ni Mayor Brent Tolentino matagumpay na naisagawa ang Oplan Tuli 2026 sa tulong ng Tagaytay Masonic Lodge 165 at Philippine Academy of Aesthetic noong April 29, 2026, 158 na batang tagaytay ang natulian.



Blessing and turnover of newly acquired government vehicles held on April 27, 2026 led by Mayor Jenny Austria-Barzaga at the City of Dasmariñas Arena Parking, marking another step toward improved public service and operational efficiency.



AKSYON MAN, KAPITAN NICANOR Boyet ESPIRITU, SERBISYONG MAY PUSO AT MALASAKIT P.6

NITA: BAIL HEARING SA REVILLA CASE “WALANG MATIBAY NA EBIDENSIYA”

I sang matinding pahayag ang pinakawalan ni Carlos Ayala ng National Institute for Transparency and Accountability: matapos ang serye ng bail hearings, malinaw umano—mahina ang kaso laban kay Ramon Bong Revilla Jr.. Ayon kay Ayala, umikot ang buong argumento ng prosekusyon sa iisang testigo, habang ang iba’y puro “hearsay” at “derivative testimonies,” at higit sa lahat, kapansin-pansin ang kawalan ng konkretong dokumento na direktang mag-uugnay sa dating senador sa pera o sabwatan.

Sa pagdinig sa Sandiganbayan, in-aasahang lalong titibay ang kaso. Ngunit ang nangyari—kabaliktaran. Sa testimonya ng halos 20 witnesses, tila mas lalong lumuwag ang posisyon ni Revilla kaysa madiin. Sa ilalim ng panunumpa, sunod-sunod ang pag-amin: walang personal na kaalaman, walang direktang ugnayan, walang mati-

bay na ebidensiyang magpapatunay na siya ang tumanggap o sangkot sa sinasabing milyon-milyong pondo.

Umiikot ang kaso sa umano’y anomalya sa P92.8 milyong flood control project sa Pandi, Bulacan. Ngunit sa loob mismo ng korte, nagbago ang direksyon ng naratibo. Wala umanong nakakita, walang direktang nakausap—puro proseso, puro kwento. Sa madaling salita: kulang sa laman ang paratang.

Isang pangalang ang tumindig bilang direktang nag-akusa—si dating DPWH Usec. Roberto Bernardo, ang tinaguriang “state witness.” Iginiit niyang umabot sa P500 milyon ang naideliver umano kay Revilla. Ngunit sa buong pagdinig, wala ni isang testigo ang nagkumpirma sa kanyang salaysay. Mas lalo pang nabutas ang alegasyon nang mismong driver at aide ni Bernardo ang umaming hindi nila matiyak kung pera nga ba ang laman ng kanilang dinadala.

Dagdag pa rito,

lumutang sa testimonya na si dating DPWH Usec. Cabral umano ang nag-utos na pangalanan si Revilla bilang “proponent” ng proyekto—isang detalye na kalaunan ay pinirmahan at inaprubahan ni dating DPWH Sec. Bonoan. Para sa ilang observers, malinaw na posibilidad na ginamit lamang ang pangalan ng dating senador, at hindi siya aktwal na sangkot sa operasyon.

Sa kabuuan, tila mismong mga testigo ang naglantad ng kahinaan ng kaso. Sa halip na patibayin ang akusasyon, ang testimonya ang unti-unting sumira sa pundasyon nito.

Ngayon, nasa kamay ng Sandiganbayan ang pasya. Ngunit sa direksyong tinahak ng pagdinig, isang mabigat na tanyag ang bumabalot sa publiko: kung ang ebidensiya ay manipis, maaari bang ipagkait ang bail? Ang sagot—malapit nang malaman, at posibleng magtakda ng tono sa isa sa mga pinakamainit na kasong sinusubaybayan ngayon.

MARGIE BAUTISTA

Ugnayan sa Barangay in Alfonso, Cavite

The Provincial Government of Cavite held another leg of Ugnayan sa Barangay program on April 14, 2026, in Barangay Matagbak I, Alfonso. Governor Francisco Gabriel “Abeng” Remulla led the visit, joined by Vice Governor Ram Revilla Bautista, 8th District Board

Member Jasmin Angelli Maligaya-Bautista and Alfonso local officials. The activity aimed to enhance community engagement by bringing essential government services closer to the people. Governor Remulla also provided updates on ongoing initiatives in infrastructure, healthcare, and livelihood programs---



PHILHEALTH YAKAP CLINIC SA MGA MALL, ILULUNSAK PARA SA ABOT-KAMAY NA KALUSUGAN NG MGA MANGGAGAWA

PRO IVA News Release No. 2026-07

Bilang pagpupugay sa mga manggagawa ngayong Mayo 1, 2026, isinagawa ng PhilHealth ang nationwide simultaneous launching ng mall-based Yaman ng Kalusugan Program (YAKAP) Clinic sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Ang inisyatibong ito ay isang malakas na mensahe ng pagpapahalaga sa kapakanan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng paglalapit ng de-kalidad na primary care sa kanilang pinagta-trabahuhan.

Sa ilalim ng PhilHealth Regional Office (PRO) IVA, sentro ng aktibidad ang Walmart Santa Rosa sa Laguna at Main Square Mall sa Bacoor, Cavite. Binigyang-din sa aktibidad na ang kalusugan ng mga empleyado ay pundasyon ng isang matatag na ekonomiya, kaya naman mahalaga ang naging pakikipaglulungan ng mga pribadong kumpanya at partner clinics upang matiyak na walang manggagawang mapag-iwaran sa serbisyong medikal.

Sa pamamagitan ng estratehikong partnership na ito, ang mga sumusunod na benepisyo ay abot-kamay na ng mga manggagawa:

- Libreng Konsultasyon sa mga accredited na doktor.
- Laboratory at Diagnostic Tests (hanggang 13 uri ng outpatient tests).
- Libreng Gamot (54 uri ng pangunahing gamot sa ilalim ng GAMOT program, 21 uri naman sa mga YAKAP Clinics)
- Cancer Screening para sa maagang deteksyon ng sakit.

Sa Main Square Bacoor, makakatuwang ng PhilHealth ang mwellPH YAKAP Clinic kung saan pangunahing benepisaryo ang mga empleyado ng Cosco Integrated Office Systems Inc. at ART88 FOOD. Samantala, sa Walmart Santa Rosa, ang Wellcare Clinics and Lab ang magsisilbing katuwang para sa mga manggagawa mula sa Monde Nissin at mga kawani ng LGU Santa Rosa City.

Tinatayang nasa 200 pre-determined employees ang inaasahang kalahok sa bawat venue, ngunit lubos ding hinihikayat ang mga “walk-in” na manggagawa at iba pang miyembro ng PhilHealth na bumisita sa mga naturang malls upang makapili ng kanilang YAKAP provider at makagamit ng serbisyong medikal sa ilalim ng PhilHealth YAKAP.

Ayon sa PhilHealth, ang pagbubukas ng mga klinika sa loob ng mga mall ay isang estratehikong hakbang upang ilapit ang serbisyong medikal sa mga manggagawang limitado ang oras dahil sa trabaho.

Ang PhilHealth YAKAP ang pangunahing mekanismo sa ilalim ng Universal Health Care (UHC) Law upang itaguyod ang preventive care—o ang pag-iwas sa sakit bago pa ito lumala. Sa pamamagitan ng PhilHealth YAKAP, mababantayan ng mga YAKAP Clinics ang kalusugan ng mga miyembro para ang bawat Pilipino ay mapanatili ang mabuting kalusugan, maagang matukoy ang anumang karamdaman, at mabigyan ng kaukulang gamot para hindi na lumala ang sakit at malwasan ang pagpapa-ospital.

Sa kasalukuyan, may humigit kumulang na **288 YAKAP Clinics** ang handang magbigay ng serbisyo sa mga miyembro sa mga Lalawigan ng Cavite, Laguna at Quezon:

- Cavite – 102
- Laguna – 112
- Quezon – 75

Pinapadalaanan ang mga manggagawa na madaal nang magpa-registro nang mabilis at maginhawa gamit ang eGovPH app upang masiguradong direkta silang konektado sa kanilang napiling YAKAP provider. ### (SMOC)

SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING
publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite



Office Add: Blk. 2 Lot 1 Justinville 2, Palico I, Imus City
Mobile No. 09399551973/
0927-207-5522/
09057552963
E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com/southernsparklenews1973@gmail.com
Telephone Number.: 046-4356893

Website: www.southernsparklenews.com

- MILAGROS BAGAPORO**
Margie Bautista
Benjie J. Murillo
Jerry Guina
Maria Theresa Lungcay
Ferdinand Lumas
Renato Alcoran
Maricar Lumas
Billy David Sadik

- Publisher
Editor-In-Chief
Desk Editor
Managing Editor
Business Manager
Account Executive
Circulation-in-Charge
Layout Artist
Reporter

Atty. Wilfredo Saquilayan Legal Counsel

MEMBER of PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columnist.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00

59 Young Boys Benefit from Free Operation Tuli in Trece Martires City

A total of 59 young males received free circumcision services during the conduct of Provincial Government of Cavite's Operation Tuli Program on April 14, 2026, held at Barangay San Agustin, Trece Martires City.

The initiative aimed to promote proper hygiene and preventive healthcare among the youth while easing the financial burden on families by providing safe and accessible medical services at no cost.

Present during the activity were 7th Dis-

trict Board Member Camille Del Rosario and Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan, who both expressed their support and gratitude for the health programs that directly benefit the community, especially the younger population.

Prior to the procedure, parents and guardians were given an orientation on proper aftercare to ensure the safe and fast recovery of the beneficiaries. Medical personnel emphasized the importance of hygiene, wound care, and monitoring to prevent possible complications following the procedure.--- OPIO

MAHIGPIT NA IPAPATUPAD: SAFER CITIES INITIATIVE SA INDANG

A linsunod sa direktibang pambansang pamahalaan sa pamamagitan ng Department of the Interior and Local Government at pakikipagtungon ng Philippine National Police, inaasahang mahigpit na ipatutupad sa Bayan ng Indang ang **Safer Cities Initiative**. Layunin ng programang ito na:

- * Mapababa ang kriminalidad
- * Mapalakas ang police visibility at barangay patrol
- * Mapanatili ang kaayusan at disiplina sa komunidad
- * Masigurong *ramdam* ng mamamayan ang kanilang kaligtasan

Mahigpit na ipinagbabawal ang mga su-

musunod upang mapanatili ang kaayusan, disiplina, at kaligtasan sa ating komunidad:

*** Pag-inom ng alak sa mga pampublikong lugar**

(Ipinagbabawal ang pag-inom sa kalsada, parke, at iba pang pampublikong espasyo)

*** Paglabas sa pampublikong lugar nang walang maayos na kasuotan sa itaas ng katawan**

(Ipinagbabawal ang paglabas nang walang saplot na pang-itaas bilang paggalang sa kaayusan at disiplina)

*** Malabis o hindi kinakailangang ingay**

* Ang paggamit ng videoke at sound system ay pinapayagan lamang mula 10:00 AM hang-

(cont. p.6)

LIGTAS AT PAYAPANG KOMUNIDAD

SAFER CITIES INITIATIVE

BAWAL NA!!

Ipinagbabawal ang pag-inom ng alak at iba pang nakalalasing na inumin sa mga pampublikong lugar gaya ng kalye, bangketa, parke, at iba pa.

Ipinagbabawal ang paglabas sa publiko nang tapless o hubad.

Panatilihin ang katahimikan—bawal ang labis at hindi kinakailangang ingay. Ang paggamit ng videoke at sound system ay hanggang 10:00 AM - 10:00 PM lamang.

May curfew para sa mga menor de edad mula 10:00 PM hanggang 6:00 AM, dinunsod sa Municipal Ordinance No. 219-2020; ipinagbabawal ang paglalagi sa labas sa mga oras na ito.

SAMA-SAMA NATING PANGALAGAAN ANG KAAYUSAN AT KAPAYAPAAN SA ATING BAYAN.

Ang limandaang piso na naging simula ng mas mabuting bukas

Noong kasagsagan ng pandemya ng COVID-19 noong 2020, hindi naging madali ang buhay para sa maraming pamilya. Maraming nawalan ng trabaho, mahigpit ang mga limitasyon sa paglabas, at marami ang naghanap ng paraan para maitawid ang araw-araw na pangangailangan. Isa sa mga nakaranas nito ay sina Rose Ann Toledo at ang kanyang partner. Pareho silang nag-resign sa trabaho dahil may hypertension ang kanyang partner at mas mataas ang panganib nito kung mahahawahan ng virus. Dahil wala na silang regular na kita, kinailangan nilang maghanap ng praktikal na paraan upang makaraos.

Isang araw, habang nagmamadali si Rose papunta sa palengke, may napansin siyang PHP 500.00 bill sa daan. Tumingin siya sa paligid at sandaling naghintay, umaasang may babalik na may-ari nito. Ngunit nang walang dumating, pinulot niya ito. Para sa kanya, parang biyaya mula sa langit ang perang iyon, isang tulong na dumating sa panahong kailangan nila.

Sa halip na gastusin ang pera sa pagkain o pang-araw-araw na pangangailangan, nag-isip sila kung paano ito mapakikinabangan. Noong panahong iyon, mataas ang pangangailangan sa cloth face masks kaya ginamit nila ang limandaang piso upang bumili ng tela. Tinulungan sila ng kanilang kapitbahay na mananahi para tahiin ang mga ito.

Matapos magawa ang mga mask, ipinost ni Rose ang mga ito online at hindi nagtagal ay naubos agad ang kanilang paninda. Mula sa maliit na puhunan, lumaki ang kanilang kita at umabot sa mahigit isang daang libong piso ang kanilang gross income. Nakatulong din ito sa kanilang kapitbahay na kumita mula sa pananahi ng mga mask.

"Hindi talaga kami makapaniwala," kuwento ni Rose. "Kumikita kami online dahil lang sa simpleng ideya at sa limandaang pisong biyayang iyon mula sa langit."

Ngunit hindi sila tumigil doon. Sa parehong taon, ginamit nila ang kanilang kinita upang magsimula ng online selling ng rebranded cosmetic products. Umorder sila ng mga produkto mula sa mga manufacturer at nakipag-partner sa isang printing company para sa paggawa ng labels. Matapos maibenta ang unang batch, bumili sila ng maliit na inkjet printer para sila na mismo ang mag-print ng labels at makatipid sa gastos.

Isang printer, panibagong oportunidad

Dahil walang kahon ang kanilang cosmetic products, si Rose mismo ang nagdisenyo ng packaging gamit ang isang graphic design web app. Ipiniprint niya ito sa photo paper, saka ginugupit at binubuo ang mga kahon nang mano-mano. Nang makita nilang maaari din itong maging serbisyo sa iba, nag-post sila ng kanilang sample boxes sa Facebook Marketplace at nag-alok ng customized packaging para sa maliliit na negosyo.

Unti-unting may pumasok na mga order—tatlong piraso, lima, sampu. Habang karamihan sa mga printing services ay nangangailangan ng minimum order na 1,000 piraso, tumatanggap sila ng 100 hanggang 150 piraso lamang. Dahil dito, maraming startup businesses ang lumapit sa kanila na nangangailangan ng abot-kayang packaging. Noong 2021, opisyal nilang inilunsad ang kanilang printing at packaging service.

Habang dumarami ang orders, kinailangan din nilang palakihin ang kanilang kapasidad. Si Rose, na kliyente ng CARD SME Bank mula pa noong 2019, isang thrift bank sa ilalim ng CARD MRI, ay kumuha ng loan upang makabili ng karagdagang makina. Sa tulong nito, napalawak nila ang produksyon at nakatanggap ng mas malalaking order.

Kalaunan ay nakapag-invest sila sa malalaking production printers na kayang gumawa ng bulk orders. Sa kasalukuyan, umaabot na sa hanggang 100,000 piraso ang kanilang natatanggap na order at nagseserbisyo sila sa mga kliyente sa iba't ibang panig ng bansa.

Pinangalanan nila ang kanilang negosyo na Better Days Packaging and Printing Services. Nakatuon ito sa digital printing services tulad ng paggawa ng boxes, stickers, soft boxes, layout services, at iba pang packaging needs. Sa ngayon, mayroon na silang walong full-time staff, isang part-time worker, at kumukuha rin ng project-based employees kapag maraming order.

Hindi rin naging madali ang kanilang paglalakbay. May mga pagkakataong mabagal ang bentahan at may mga hamon sa pamamahala at pagsasanay ng mga batang empleyado. Ngunit patuloy silang naghahanap ng paraan para mapabuti ang kanilang negosyo. Dumadalo sila sa mga seminar at convention, namamahagi ng calling cards, at patuloy na pinaghuusay ang kanilang kagamitan at materyales. Mula sa paggamit ng photo paper, ngayon ay gumagamit na sila ng foldcote materials para sa mas maayos at matibay na packaging.

Bukod sa negosyo, mahalaga rin para sa kanila ang makatulong sa komunidad. Sumusuporta sila sa isang reading center para sa mga bata sa Biga, Silang, Cavite. Nakikilahok din sila sa quarterly donation drives at fun-run-for-a-cause outreach programs na inorganisa ng isang organisasyon sa Cavite.

Sa pagbalik-tanaw ni Rose sa kanilang simula, hindi niya makalilimutan kung gaano kahirap ang kanilang sitwasyon noon—parehong emosyonal at pinansyal. Limitado ang kanilang resources at wala pa silang sariling sasakyan.

"Puwede kang magsimula sa maliit kung talagang nais mong magsimula," ani Rose.

Ayon sa kanya, ang paglipat mula sa employee mindset papunta sa business mindset ay nangangailangan ng lakas ng loob at disiplina. "Ang pagsisimula ng negosyo ay simula pa lamang ng iyong paglalakbay. Ang tunay na tanong ay kung paano mo ito mapalalaki at mapananatiling tumatako," diin niya.

Para sa kapwa negosyante, payo niya ang patuloy na pagkatuto at pagiging bukas sa mga bagong ideya. "Patuloy mong pagbutihin ang sarili mo," aniya. "Dahil ang iyong paglago ang magpapalago rin sa negosyo mo." Dagdag pa niya, mahalaga rin ang maayos na paghahawak sa pera at pagtatala ng lahat ng cash flow ng negosyo.

Sa loob ng mahigit pitong taon bilang kliyente, kinilala ng CARD MRI ang kanyang disiplina at mahusay na pamamalakad sa negosyo. Ginawaran siya ng Gawad Malikhain sa Pagkilala sa Mga Likha ni Inay 2025, isang programa ng CARD MRI na nagbibigay-parangal sa mga microentrepreneur na nagpapakita ng tiyaga, dedikasyon, at positibong ambag sa komunidad.

Ang limandaang piso na natagpuan ni Rose noong panahon ng pandemya ay maaaring isang simpleng pangyayari. Ngunit ang sumunod na tagumpay ay bunga ng matalinong desisyon, matalinong pag-i-invest, at tuloy-tuloy na pagsisikap. Para kay Rose, ang tagumpay ay hindi lamang tungkol sa pagkakataong dumating kundi kung paano mo ito palalaguin at patuloy na aalagaan.

CARD SME BANK



Si Rose Ann Toledo (nasa harap, kaliwa) kasama ang kanyang mga staff sa Better Days Packaging & Printing Services, habang pinangangasiwaan ang operasyon ng kanilang production office.



Republic of the Philippines
Province of Cavite
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
Trece Martires City



EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE 35TH REGULAR SESSION OF THE 12TH SANGGUNIANG PANLALAWIGAN OF CAVITE HELD ON MARCH 30, 2026 AT THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN CONFERENCE ROOM, LEGISLATIVE BUILDING, NEW PROVINCIAL GOVERNMENT CENTER, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE

PRESENT:

- | | |
|---------------------------------|--|
| Hon. Arnel M. Cantimbuhan | Acting Vice Governor/
Presiding Officer |
| Hon. Alde Joselito F. Pagulayan | Majority Floor Leader |
| Hon. Romel R. Enriquez | SP Member, 1 st District |
| Hon. Juan Ysmael R. Gandia | SP Member, 1 st District |
| Hon. Edwin E. Malvar | SP Member, 2 nd District |
| Hon. Lloyd Emman D. Jaro | SP Member, 3 rd District |
| Hon. Nickanor N. Austria, Jr. | SP Member, 4 th District |
| Hon. Aidel Paul G. Belamide | SP Member, 5 th District |
| Hon. Ivey Jayne A. Reyes | SP Member, 5 th District |
| Hon. Maurito C. Sison | SP Member, 6 th District |
| Hon. Jasmin Angelli M. Bautista | SP Member, 8 th District |
| Hon. Edward R. Samala, Jr. | CCL President |
| Hon. Rafael V. Paterno III | LNB Provincial Chapter President |
| Hon. Chelsea Jillian G. Sarno | SK Provincial Federation President |

OFFICIAL BUSINESS:

- | | |
|------------------------------------|-------------------------------------|
| Hon. Kerby J. Salazar | SP Member, 6 th District |
| Hon. Jhon Kester Aldrin R. Anacan | SP Member, 7 th District |
| Hon. Camille Lauren V. del Rosario | SP Member, 7 th District |

ABSENT:

- | | |
|--------------------------|-------------------------------------|
| Hon. Eimeren M. Nazareno | SP Member, 8 th District |
|--------------------------|-------------------------------------|

PROVINCIAL ORDINANCE NO. 527-2026

AN ORDINANCE PROVIDING FOR ALLOWANCES TO GOVERNMENT EMPLOYEES AND OFFICIALS STATIONED IN THE PROVINCE OF CAVITE IN ACCORDANCE WITH THE LOCAL GOVERNMENT CODE AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR

*Sponsored by: Hon. Aidel Paul G. Belamide
Chair, Committee on Finance, Budget and Appropriations*

Co-Sponsored by: All Sangguniang Panlalawigan Members

WHEREAS, the Local Government Code of 1991 mandates every local government unit to exercise the powers expressly granted to it, those necessarily implied therefrom, as well as powers necessary, appropriate, or incidental for its efficient and effective governance, and those which are essential to the promotion of the general welfare;

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN

HON. ROMEL R. ENRIQUEZ

HON. JUAN YSMAEL R. GANDIA

HON. EDWIN E. MALVAR

HON. LLOYD EMMAN D. JARO

HON. NICKANOR N. AUSTRIA, JR.

HON. AIDEL PAUL G. BELAMIDE

HON. IVEY JAYNE A. REYES

(Official Business)

HON. KERBY J. SALAZAR

HON. MAURITO C. SISON

(Official Business)

HON. JHON KESTER ALDRIN R. ANACAN

(Official Business)

HON. CAMILLE LAUREN V. DEL ROSARIO

HON. JASMIN ANGELLI M. BAUTISTA

(Absent)

HON. EIMEREN M. NAZARENO

HON. EDWARD R. SAMALA, JR.

HON. RAFAEL V. PATERNO III

HON. CHELSEA JILLIAN G. SARNO

Attested by:

MICHELE F. ALCID
Provincial Board Secretary

Certified by:

HON. ARNEL M. CANTIMBUHAN
Acting Vice Governor/Presiding Officer

Approved by:

HON. RAMON VICENTE H. BAUTISTA
Acting Governor

WHEREAS, Section 465 (iv) of the same law provides that the Provincial Governor may initiate and propose legislative measures to the Sangguniang Panlalawigan and provide such information and data needed by the Sangguniang Panlalawigan in the performance of its legislative functions;

WHEREAS, under Section 468 (1)(xi) when the finances of the provincial government allow, the Sangguniang Panlalawigan may provide for allowances and other benefits to judges, prosecutors, public elementary and high school teachers, and other national government officials stationed or assigned to the province;

WHEREAS, the Provincial Government of Cavite recognizes that relations with national government agencies are essential for the promotion of the general welfare of its inhabitants and the implementation of its programs to provide basic services and facilities;

WHEREAS, the Office of the Provincial Budget Officer has certified that there are available funds that will cover the allowances granted by this Ordinance;

NOW, THEREFORE, on motion of Hon. Belamide, duly seconded by Hon. Pagulayan and unanimously approved by the Members present, be it enacted by the Sangguniang Panlalawigan of Cavite in a session duly assembled that:

SECTION 1. TITLE. This Ordinance shall be known as " *An Ordinance Providing for Allowances to Government Employees and Officials Stationed in the Province of Cavite in Accordance with the Local Government Code and Appropriating Funds Therefor.* "

SECTION 2. COVERAGE. The allowance provided for in this ordinance shall be given to the following officials and employees stationed in the Province of Cavite:

1. Judges of the Supreme Court of the Philippines;
2. Prosecutors of the Department of Justice;
3. Lawyers in the Public Attorney's Office;
4. Clerks of Court of the Supreme Court of the Philippines;
5. Provincial Election Supervisor of the Commission on Elections;
6. Education Supervisors of the Department of Education;
7. Medical and Dental Officers under the Department of Education;
8. District Supervisors under the Department of Education; and High School Administrators of schools under the Department of Education.

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN

HON. ROMEL R. ENRIQUEZ

HON. JUAN YSMAEL R. GANDIA

HON. EDWIN E. MALVAR

HON. LLOYD EMMAN D. JARO

HON. NICKANOR N. AUSTRIA, JR.

HON. AIDEL PAUL G. BELAMIDE

HON. IVEY JAYNE A. REYES

(Official Business)

HON. KERBY J. SALAZAR

HON. MAURITO C. SISON

(Official Business)

HON. JHON KESTER ALDRIN R. ANACAN

(Official Business)

HON. CAMILLE LAUREN V. DEL ROSARIO

HON. JASMIN ANGELLI M. BAUTISTA

(Absent)

HON. EIMEREN M. NAZARENO

HON. EDWARD R. SAMALA, JR.

HON. RAFAEL V. PATERNO III

HON. CHELSEA JILLIAN G. SARNO

Attested by:

MICHELE F. ALCID
Provincial Board Secretary

Certified by:

HON. ARNEL M. CANTIMBUHAN
Acting Vice Governor/Presiding Officer

Approved by:

HON. RAMON VICENTE H. BAUTISTA
Acting Governor



SECTION 3. QUALIFICATIONS. Government employees and officials who are covered by the allowance must be duly appointed to the said position by the appointing authority and currently serving in the Province of Cavite.

SECTION 4. RATES OF ALLOWANCES. The following are the rates of allowances to be granted to the qualified government employees and officials, which shall be given once a month:

POSITION	RATE
Judges	13,000.00
Additional rate if appointed as night court	3,000.00
Prosecutors	11,000.00
Lawyers in PAO	11,000.00
Clerks of Court	7,000.00
COMELEC Officer	13,000.00
Education Supervisor	2,500.00
Medical and Dental Officer	2,500.00
District Supervisors	2,000.00
High School Administrators	2,000.00

SECTION 5. APPROPRIATIONS. The Office of the Provincial Governor with the recommendation of the Office of the Provincial Budget Officer shall allocate funds for the grant of allowances to government employees and officials stationed within the Province of Cavite.

SECTION 6. IMPLEMENTATION. The provisions of this ordinance shall be implemented by the Office of the Provincial Governor. The office may also issue implementing rules and regulations, if necessary.

SECTION 7. SEPARABILITY CLAUSE. If, for any reason, any section of the provision of this Ordinance is declared unconstitutional or invalid by a competent court, the remaining sections or provisions not affected thereby shall continue to be in full force and effect.

SECTION 8. REPEALING CLAUSE. All ordinances, resolutions, rules or regulations inconsistent with or contrary to the provision of this ordinance are hereby repealed or amended accordingly.

SECTION 9. EFFECTIVITY. This Ordinance shall take effect upon its approval and after compliance with the required publication or posting in accordance with existing laws, rules, and regulations.

UNANIMOUSLY APPROVED.

I hereby attest that the foregoing ordinance was duly enacted by the 12th Sangguniang Panlalawigan of Cavite during its 35th Regular Session held on March 30, 2026.


MICHELLE F. ALCID
 Provincial Board Secretary

MFA/jrc/maj


 HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN


 HON. ROMEL R. ENRIQUEZ


 HON. JUAN YSMAEL R. GANDIA


 HON. EDWIN E. MALVAR


 HON. LLOYD EMMAN D. JARO


 HON. NICKANOR N. AUSTRIA, JR.


 HON. AIDEL PAUL G. BELAMIDE


 HON. IVEE JAYNE A. REYES
 (Official Business)


 HON. KERBY J. SALAZAR
 (Official Business)


 HON. MAURITO C. SISON
 (Official Business)


 HON. JHON KESTER ALDRIN R. ANACAN
 (Official Business)


 HON. CAMILLE LAUREN V. DEL ROSARIO
 (Official Business)


 HON. JASMIN ANGELI M. BAUTISTA
 (Absent)


 HON. EIMEREN M. NAZARENO
 (Absent)


 HON. EDWARD R. SAMALA, JR.


 HON. RAFAEL V. PATERNO III


 HON. CHELSEA JILLIAN G. SARNO

Attested by:


 MICHELLE F. ALCID
 Provincial Board Secretary


Certified by:


 HON. ARNEL M. CANTIMBUHAN
 Acting Vice Governor/Presiding Officer


Approved by:

 HON. RAMON VICENTE H. BAUTISTA
 Acting Governor


ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
 Majority Floor Leader


JUAN YSMAEL R. GANDIA
 Provincial Board Member



LLOYD EMMAN D. JARO
 Provincial Board Member



AIDEL PAUL G. BELAMIDE
 Provincial Board Member

(OFFICIAL BUSINESS)
KERBY J. SALAZAR
 Provincial Board Member

(OFFICIAL BUSINESS)
JHON KESTER ALDRIN R. ANACAN
 Provincial Board Member

(OFFICIAL BUSINESS)
JASMIN ANGELI M. BAUTISTA
 Provincial Board Member


EDWARD R. SAMALA, JR.
 CCL President


CHELSEA JILLIAN G. SARNO
 SK Provincial Federation President

CERTIFIED BY:

ARNEL M. CANTIMBUHAN
 Acting Vice Governor/Presiding Officer
 Date Signed April 09, 2026
 MFA/jrc/maj


ROMEL R. ENRIQUEZ
 Provincial Board Member


EDWIN E. MALVAR
 Provincial Board Member


NICKANOR N. AUSTRIA, JR.
 Provincial Board Member


IVEE JAYNE A. REYES
 Provincial Board Member


MAURITO C. SISON
 Provincial Board Member

(OFFICIAL BUSINESS)
CAMILLE LAUREN V. DEL ROSARIO
 Provincial Board Member

(ABSENT)
EIMEREN M. NAZARENO
 Provincial Board Member


RAFAEL V. PATERNO III
 LNB Provincial Chapter President

APPROVED BY:

RAMON VICENTE H. BAUTISTA
 Acting Governor
 Date Signed April 13, 2026



AKSYON MAN, KAPITAN NICANOR Boyet ESPIRITU, SERBISYONG MAY PUSO AT MALASAKIT



A lam ba nin-
yo itong
si kapitan
NICANOR
ESPIRITU na nakatutok
palagi sa minamahal
niyang Barangay Sa-
linas ,lalo na ang mga
kabarangay niya na

lumalapit sa kanyang
tanggapan , na walang
pinipili basta mag sadya
lamang sa Barangay
hall,mabilis na uma-
aksyon Ang ating buti-
hing kapitan NICANOR
Boyet ESPIRITU, ganun
din ang kasama ni-

yang tunay na lingkod
bayan,kaya masasabi
natin AKSYON MAN at
MAY PUSO AT MALA-
SAKIT ang ating kapitan
ESPIRITU,para mabi-
lis ang pagdala sa mga
pasyente na may sakit
,bumili pa ng dalawang

TOYOTA TAMARAW na
BRAND NEW ,Ganun po
kamahal ni kapitan ang
kabarangay niya ,tapat
at totoo Maassahan
Anumang Oras ,bukal sa
puso niya ang pagtulong
sa kapwa , tumutulong
siya sa abot ng kanyang
makakaya,kahit linggo
nasa tanggapan niya
sa Barangay hall,para
sa kaalaman ng lahat
marami na po napagawa
tulad ng extension ng
Barangay hall pinaayos
niya linagyan niya ng air
con ,comportable sila at
malamig sa loob ,tulad
ng kumukuha ng Baran-
gay clearance at iba...
pa ,marami pa gagawin

itong si kap ESPIRITU
para sa minamahal ni-
yang Barangay salinas
1,kaya sa susunod na
issues marami tayong
aabangan ,kaya ikaw na
da best ka KAPITAN NI-

CANOR Boyet ESPIRITU
nakatatak na sa puso
niya ang pag lilingkod
at pag tulong sa kapwa
, Mabuhay po kayo...ulat
ni BILLY DAVID SADIK
NG CAVITE

Mahigpit na pagpapatupad.... from p. 3

gang 10:00 PM

* Mahigpit na ipinag-
babawal ang lampas sa
itinakdang oras

* **Paggala o pagtambay
ng mga menor de
edad (18 taong gulang
pababa)**

* Ipinagbabawal ang
paglabas mula **10:00
PM hanggang 5:00 AM**

* Maliban kung may
kasamang magulang o
guardian, o may mahal-
agang dahilan

Makikiisa ang bawat
Indangeño upang map-
anatili ang kapayapaan,
kaayusan, at seguridad
sa ating bayan.

BILLY DAVID SADIK NG
CAVITE

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
Regional Trial Court of Cavite
Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff
New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue, Kaybagal
